# INCLUSIVE CONFERENCES NG MGA ESTUDYANTE SA LANGLEY SCHOOLS

RESOURCE NG MAGULANG AT TAGAPAG ALAGA
ENERO 2024

## Bakit nagbabago ang mga bagay?

Ang ating BC Curriculum ay muling idinisenyo upang suriin kung paano, at kung ano, ang dapat na pagaralan ng mga estudyante sa ika 21 na siglo.

Nagdidisenyo kami ng paraan upang maipamahagi ang pag aaral na nakatuon sa makabuluhan, nakabatay sa lakas, at inklusibong pamamaraan.

Alam namin na tumataas ang tagumpay ng mga estudyante kung ang mga pamilya ay malinaw na nauunawaan ang pag aaral ng kanilang anak at ang mga estudyante ay nasa sentro ng proseso ng komunikasyon.

Nais naming isaalang alang ng mga estudyante ang kanilang pag aaral at masagot :

Nasaan ako ngayon?
Saan ako patungo?
Paano ako makakarating doon?

## Ano ang tungkulin ng Pamilya?

Mahalaga ang inyong papel sa pag-aaral ng inyong anak at pinahahalagahan ang inyong aktibong pakikilahok at pakikipag-ugnayan sa kumperensya.

Paki-sign up online para sa timeslot ng kumperensya sa loob ng 2-3 lingo. Magkakaroon ng iba't ibang oras para makapili ng kumperensya tulad ng: bago pumasok sa paaralan, habang nag-aaral, pagkatapos ng paaralan, at sa gabi

Maglaan ng panahon para pag-isipan ang Family Reflection Sheet. Ito as iuuwi sa mga araw bago ang inyong kumperensya.

Sa kumperensya, magkakaroon kayo ng pagkakataong makinig sa inyong anak, magtanong, at makipagtulungan sa pagtatakda ng mga bagong learning goals.

Salamat sa inyong pakikilahok at suporta.



***Pagtutulungan para suportahan ang pagpaunlad ng araling pang-estudyante.***

# INCLUSIVE CONFERENCES NG MGA ESTUDYANTE SA SCHOOLS

### RESOURCE NG MGA MAGULANG AT TAGA-PANGALAGA
### ENERO 2024

## Student-Inclusive Conference (Estudyante, Pamilya, Guro)

- Ang mga pamilya ay magpupulong kasama ng kanilang anak at guro para pagusapan ang pag aaral ng estudyante.
- Ang mga kumperensya ay magkakaiba ng estilo, ngunit lahat ay may katulad na kaukulang mga bahagi:
  - Tatagal ng 15-20 minutos;
  - Magbabahagi ang estudyante ng Katibayan ng Pag-aaral (mga bagay na nagpapakita ng pag-unlad);
  - Iisipin ng mga pamilya ang pag-unlad na napansin sa pag-aaral ng kanilang anak;
  - Ang mga guro ay magiisip ng lakas ng estudyante at mga kaukulang hakbang;
  - Ang lahat ay magtutulungan upang magtakda ng kaukulang layunin para sa estudyante;
  - Ang mga aralin, pagunlad, lakas at mga susunod na hakbang na tinalakay sa kumperensya ay hahantong sa pagbuo ng Communicating Student Learning Progress Report.

## Communicating Student Learning (CSL) Progress Report

- Pinapalitan ang dating 'report card'.
- Dokumentong aktibo na gagawin sa kumperensya.
- Maaaring hindi kasama sa CSL Progress Report ang bawat subject area, ngunit tatalakayin ang lahat ng aralin sa kumperensya.
- Pagkatapos ng kumperensya, ang CSL Progress Report ay ibabahagi online sa pamamagitan ng Parent Portal ng MyEDBC.
- Ang CSL Progress Report ay gumagamit ng Proficiency Scale na pumapalit sa mga tradisyunal na gradong letra.

***Pagtalakay sa lugar ng lakas, pagunlad at mga layunin...***

**Proficiency Scale:** Inilalarawan ang natutunan ng estudyante batay sa propeyunal na paghusga ng guro sa inaasahang expectasyon base sa antas at oras ng taon

| Emerging | Developing | Proficient | Extending |
|---|---|---|---|
| Naipamamalas ng estudyante ang **panimulang** pag unawa sa mga konsepto at kakayahan na may kaugnayan sa inaasahang pag aaral. | Naipamamalas ng estudyantel ang **bahagyang** pag unawa sa mga konsepto at kakayahan na may kaugnayan sa inaasahang pag aaral. | Naipamamalas ng estudyante ang **ganap** na pag unawa sa mga konsepto at kakayahan na may kaugnayan sa inaasahang pag aaral. | Naipamamalas ng estudyante ang isang **sopistikadong** pag unawa sa mga konsepto at kakayahan na may kaugnayan sa inaasahang pag aaral |
| ***"Hindi ko pa nakukuha, pero sinusubukan ko."*** | ***"Nagsisimula akong makuha ito"*** | ***"Nakukuha ko ito"*** | ***"Talagang nakukuha ko ito at maaaring magturo sa iba kung paano gawin ito"*** |

LANGLEY SCHOOL DISTRICT
4875 222 STREET
LANGLEY, BC  V3A3Z7

FOR MORE INFORMATION:
WWW.SD35.BC.CA
604-534-7891